



NOBYEMBRE 3, 2026

PANGKALAHATANG HALALAN

MGA PETSANG DAPAT TANDAAN!

Oktubre 5

Magsisimulang ipadala ng mga opisyal ng halalan ng county ang mga balota sa koreo sa o bago ang petsang ito. Ibalik ang iyong balota sa lalong madaling panahon pagkatapos mo itong matanggap.

Oktubre 5–Nobyembre 3

Panahon ng maagang pagboto sa pamamagitan ng koreo.

Oktubre 6

Bukas ang mga ligtas na kahon ng hulugan ng balota.

Oktubre 19

Huling araw para magparehistro upang bumoto. Ang pagpaparehistro ng botante sa mismong araw ay available sa opisina ng mga halalan sa county o sa lugar ng pagboto pagkatapos ng huling araw ng pagpaparehistro upang bumoto, hanggang sa at kabilang ang Araw ng Halalan.

Oktubre 24

Ang mga sentro ng pagboto sa unang araw ay magbubukas sa mga county ng Batas sa Pagpipilian ng Botante para sa maagang pagboto sa personal.

Oktubre 31

Bukas ang mga lugar ng maagang pagboto nang personal sa buong California sa Sabado, Oktubre 31. Bisitahin ang [caearlyvoting.sos.ca.gov](https://www.eearlyvoting.sos.ca.gov) upang makahanap ng mga lugar at oras ng pagboto.

Martes, Nobyembre 3, 2026

Huling araw upang bumoto nang personal o ibalik ang isang balota bago mag-8:00 p.m. Ang mga lugar ng botohan ay bukas mula 7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. Ibalik sa koreo ang iyong balota sa lalong madaling panahon pagkatapos mong matanggap ito. Para mabilang, dapat na matatatakan ng koreo ang iyong balota nang hindi lalampas sa Araw ng Halalan. Inirerekomenda naming ipadala ito nang hindi bababa sa 7 araw bago ang Araw ng Halalan. Kung ipadala mo ito sa koreo nang mas malapit sa Araw ng Halalan, dalhin ito sa isang Tanggapan ng Koreo ng United States at humingi sa isang empleyado ng koreo ng manu-manong postmark.

Para sa mga karagdagang kopya ng Gabay na Impormasyon para sa Botante sa alinman sa mga sumusunod na wika, tumawag sa:

English: (800) 345-VOTE (8683)

Español/Spanish: (800) 232-VOTA (8682)

中文/Chinese: (800) 339-2857

हिन्दी/Hindi: (888) 345-2692

★ 日本語/Japanese: (800) 339-2865

ខ្មែរ/Khmer: (888) 345-4917

한국어/Korean: (866) 575-1558

Tagalog: (800) 339-2957

ภาษาไทย/Thai: (855) 345-3933

Việt ngữ/Vietnamese: (800) 339-8163

TTY/TDD: 711

Magagamit
sa Mobile
I-SCAN AKO



Rehistrado ka ba para bumoto? Tingnan dito: voterstatus.sos.ca.gov.

★ Sa layuning mabawasan ang mga gastos sa halalan, inaawtorisahan ng Lehislatura ng Estado ang Estado at mga county na magpadala lamang ng isang gabay sa bawat bumobotong sambahayan. Maari kang humiling ng mga karagdagang kopya sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa opisyal ng mga halalan sa iyong county o sa pamamagitan ng pagtawag sa (800) 339-2957 ★